

Guide on ICC Procedures

for

Victims and Organization

(PH Situation)



Cour
Pénale
Internationale

International
Criminal
Court



UNANG PAKSA

MGA ELEMENTO NG INTERNASYUNAL NA KRIMEN

PARA SA MGA ELEMENTO NG KRIMEN, ANG MGA SUMUSUNOD NA PAHAYAG AY PINAPAPAKAHULUGAN:

ATAKE NA NAKADIREKTA SA POPULASYONG SIBILYAN

(a) Ang “*attack directed against any civilian population*” o “atake na nakadirekta sa populasyong sibilyan” ay tumutukoy sa isang paraan ng pagkilos kung saan higit pa sa isa sa mga aktong tinutukoy sa Artikulo 1, Talata 1 ng Rome Statute (makikita sa ibaba) laban sa anumang populasyong sibilyan, alinsunod sa o sa pagsusulong ng patakaran ng estado o isang organisasyon upang gawin ang naturang pag-atake;

PAGPUPUKSA

(b) Ang “*extermination*” o “pagpupuksa” ay tumutukoy sa sadyang pagpapahirap ng kundisyon ng buhay, kagaya ng pagkakait ng mga paraan upang makakuha ng pagkain at gamot, na tinantiya upang magdala nga pagkawasak sa parte ng populasyon.

PANG-AALIPIN

(c) Ang “*enslavement*” o “pang-aalipin” ay tumutukoy sa paggamit ng anuman o lahat ng mga kapangyarihang kalakip ng karapatan sa pagmamay-ari sa isang tao, kasama na ang paggamit ng nasabing kapangyarihan sa pangangalakal ng mga tao, lalo na ang mga kababaihan at kabataan.

PAGPAPATAPON O SAPILITANG PAGPAPALIPAT NG MGA TAO

(d) Ang “*deportation or forcible transfer of population*” o “pagpapatapon o sapilitang pagpapalipat ng mga tao” ay tumutukoy sa sapilitang pagpapaalis ng mga taong apektado ng pagpapatalsik o iba pang mga paraan ng pagpilit nang walang batayan mula sa mga internasyunal na batas mula sa lugar kung saan sila ay naninirahan nang ayon sa batas

TORTYUR

(e) Ang “*torture*” o “tortyur” ay tumutukoy sa sadyang pagpapasakit o pagpapahirap, pisikal man o sa pag-iisip, sa isang taong nasa kustodiya o kontrolado ng inakusahan; ngunit hindi kasama rito ang sakit o pagdurusa na nagmula lamang sa, likas na o nagkataon na dahil sa parusa ayon sa batas.

SAPILITANG PAGBUBUNTIS

(f) Ang “*forced pregnancy*” o “sapilitang pagbubuntis” ay tumutukoy sa sapilitang pagkulong ng isang babae at sapilitang pagpapabuntis nito nang may layuning makaapekto sa pang-etnikong kabuuan ng anumang populasyon o pagsasagawa ng anumang malublang paglabag ng internasyunal na batas. Ang pagpapakahulugang ito ay hindi dapat ipalagay na makakaapekto sa mga pambansang batas tungkol sa pagbubuntis.

PAG-UUSIG

(g) Ang “*persecution*” o “pag-uusig” ay tumutukoy sa sadya at malubhang pagkakait ng mga batayang karapatan salungat sa internasyunal na batas dahil sa pagkakakilanlan ng isang grupo o samahan.

SAPILITANG PAGKAWALA NG MGA TAO

(i) Ang “*enforced disappearance of persons*” o “sapilitang pagkawala ng mga tao” ay tumutukoy sa pag-aresto, pagkulong, o pagdakip sa mga tao ng, o may pagpayag, suporta, o pagsasawalang-bahala ng, Estado o organisasyong pulitikal, kasunod ang pagtanggap na kilalanin na binawi ang kalayaan, o magbigay ng kaalaman sa sinapit o kinaroroonan, ng mga taong iyon, na may layuning tanggalin sila sa proteksyon ng batas sa pangmatagalang panahon.

KASARIAN

(j) Ang “*gender*” o “kasarian” ay tumutukoy sa kababaihan at kalalakihan sa panlipunang konteksto. Hindi ito nangangahulugan ng alinpaman sa natukoy.

ALL CRIMES AGAINST HUMANITY (ARTICLE 7 PAR. 1)

1. (a) KRIMEN LABAN SA SANGKATAUHAN NA PAGPATAY (MURDER)

2. (b) KRIMEN LABAN SA SANGKATAUHAN NA PAGPUPUKSA (EXTERMINATION)

3. (c) KRIMEN LABAN SA SANGKATAUHAN NA PANG-AALIPIN (SLAVERY)

4. (d) KRIMEN LABAN SA SANGKATAUHAN NA PAGPAPATAPON (DEPORTATION) O SAPILITANG PAGPAPALIPAT NG MGA TAO

5. (e) KRIMEN LABAN SA SANGKATAUHAN NA PAGKUKULONG O IBA PANG LABIS NA PAGKAKAIT NG PISIKAL NA KALAYAAN

6. (f) KRIMEN LABAN SA SANGKATAUHAN NA TORTYUR

7. (g)-1 KRIMEN LABAN SA SANGKATAUHAN NA PANGGAGAHASA (RAPE)

8. (g)-2 KRIMEN LABAN SA SANGKATAUHAN NA SEKSWAL NA PANG-AALIPIN (SEXUAL SLAVERY)

9. (g)-3 KRIMEN LABAN SA SANGKATAUHAN NA SAPILITANG PROSTITUSYON

- 10.(g)-4 KRIMEN LABAN SA SANGKATAUHAN NA SAPILITANG PAGBUBUNTIS

11. (g)-5 KRIMEN LABAN SA SANGKATAUHAN NA SAPILITANG PAMBABAOG

12. (g)-6 KRIMEN LABAN SA SANGKATAUHAN NA SEKSWAL NA KARAHASAN

13. (h) KRIMEN LABAN SA SANGKATAUHAN NA PAG-UUSIG (PERSECUTION)

14. (i) KRIMEN LABAN SA SANGKATAUHAN NA SAPILITANG PAGKAWALA NG MGA TAO

15. (j) KRIMEN LABAN SA SANGKATAUHAN NA PAGHIHIWALAY AT PAGTATANGI AYON SA LAHI (APARTHEID)

16. (k) KRIMEN LABAN SA SANGKATAUHAN NA IBA PANG MGA DI MAKATAONG PAGKILOS

ARTIKULO 7

KRIMEN LABAN SA SANGKATAUHAN: MGA ELEMENTO

MGA KARANIWANG ELEMENTO:

- Ang pagsasagawa nito ay bahagi ng malawakan o sistematikong atake na nakadirekta sa isang bahagi ng populasyong sibilyan.
- Alam ng salarin na ang pagsasagawa nito ay bahagi ng, o nilayon na ang pagsasagawa nito ay bahagi ng, malawakan o sistematikong atake na nakadirekta sa isang bahagi ng populasyong sibilyan.

ARTIKULO 7(1)(A)

KRIMEN LABAN SA SANGKATAUHAN NA PAGPATAY

MGA ELEMMENTO:

1. Ang salarin ay pumatay sa isa o higit pang mga tao.

ARTIKULO 7(1)(B)

KRIMEN LABAN SA SANGKATAUHAN NA PAGPUPUKSA

MGA ELEMENTO:

1. Ang salarin ay pumatay sa isa o higit pang mga tao, pati na rin ang pagpapahirap sa kondisyon ng pamumuhay na naglalayong puksain ang isang bahagi ng populasyon.
2. Ang pagsasagawa nito ay bahagi ng, o isinagawa bilang bahagi ng, malawakang pagpatay sa mga miyembro ng isang populasyong sibilyan.

ARTIKULO 7(1)(E)

KRIMEN LABAN SA SANGKATAUHAN NA PAGKUKULONG O IBA PANG LABIS NA PAGKAKAIT NG PISIKAL NA KALAYAAN

MGA ELEMENTO:

1. Ang salarin ay nagpakulong ng isa o higit pang tao, o salarin ng lubhang pagbawi ng kalayaang pisikal ng isa o higit pang tao.
2. Ang kalubhaan ng pagsasagawa nito ay maituturing na lumalabag sa mga batayang prinsipyo ng batas internasyunal.
3. Ang salarin ay may alam sa totoong kalagayan (factual circumstances) na nagtaguyod sa kalubhaan ng pagsasagawa nito.

ARTIKULO 7(1)(F)

KRIMEN LABAN SA SANGKATAUHAN NA TORTYUR

MGA ELEMENTO:

1. Ang salarin ay nagpahirap sa isa o higit pang tao sa pamamagitan ng lubhang pisikal o mental na sakit o pagpapahirap.
2. Ang mga taong apektado ay nasa hawak ng, o kontrolado ng, salarin nito.
3. Ang sakit o pagpapahirap ay hindi lumitaw dulot lamang ng, at hindi likas o kaugnay sa, anumang legal na parusa.

ARTIKULO 7(1)(G)-1

KRIMEN LABAN SA SANGKATAUHAN NA PANGGAGAHASA

MGA ELEMENTO:

1. Ang salarin ay nanghimasok sa katawan ng isang tao sa anumang pamamagitan na nagdulot ng pagtagos, gaano man kakonti, sa anumang bahagi ng katawan ng biktima o ng ari ng salarin, o sa anal o genital opening ng anumang bagay o iba pang bahagi ng katawan.
2. Ang panghihimasok ay sapilitang isinagawa, o kaya sa banta ng puwersa o pamimilit, katulad ng naidudulot ng takot sa pandarahas, pagpupumilit, pagkulong, pang-aaping sikolohikal o pang-aabuso sa kapangyarihan, laban sa naturing tao o ibang mga tao, o ang pagsasamantala sa isang kapaligirang namimilit, o ang panghihimasok ay isinagawa laban sa taong walang kakayahang magbigay ng tunay na pahintulot o kunsinte (consent).

ARTIKULO 7(1)(G)-2

KRIMEN LABAN SA SANGKATAUHAN NA SEKSWAL NA PANG-AALIPIN

MGA ELEMENTO:

1. Ang salarin ay gumamit ng ilan o lahat ng kanyang kapangyarihang kaakibat ng karapatan ng pagmamay-ari sa isa o higit pang mga tao, tulad ng pagbili, pagbenta, paghiram o pagpalit ng ganitong mga tao, o ang pagbawi sa kalayaan sa ganitong mga tao.
2. Ang salarin ay nagpasimuno sa ganitong mga tao ng isa o higit pang mga kilos na sekswal.

ARTIKULO 7(1)(G)-3

KRIMEN LABAN SA SANGKATAUHAN NA SAPILITANG PROSTITUSYON

MGA ELEMENTO:

1. Ang salarin ay nagpasimuno sa isa o higit pang mga tao ng isa o higit pang mga kilos na sekswal na sapilitan, o sa banta ng pwersa o pamimilit, katulad ng naidudulot ng takot sa pandarahas, pagpupumilit, pagkulong, pang-aaping sikolohikal o pang-aabuso sa kapangyarihan, laban sa naturing tao o ibang mga tao, o ang panghihimasok ay isinagawa laban sa taong walang kakayahang magbigay ng tunay na pahintulot o kunsinte.
2. Ang salarin o iba pang tao ay nakakuha o umaasang makakuha ng pera o iba pang pakinabang kapalit ng o kaugnay ng mga kilos na sekswal.

ARTIKULO 7(1)(G)-6

KRIMEN LABAN SA SANGKATAUHAN NA SEKSWAL NA KARAHASAN

MGA ELEMENTO:

1. Ang salarin ay gumawa ng mga kilos na likas na sekswal kontra sa isa o higit pang mga tao o nagpasimuno sa mga taong ito na sapilitang lumahok sa mga kilos na likas na sekswal, o sa banta ng pwersa o pamimilit, katulad ng naidudulot ng takot sa pandarahas, pagpupumilit, pagkulong, pang-aaping sikolohikal o pang-aabuso sa kapangyarihan, laban sa naturing tao o ibang mga tao, o ang panghihimasok ay isinagawa laban sa taong walang kakayahang magbigay ng tunay na pahintulot o kunsinte.
2. Ang pagsasagawa nito ay may kalubhaang maikukumpara sa iba pang mga sala sa Artikulo 7, tal. 1 (g) ng *Statute*.
3. Ang salarin ay may alam sa totoong kalagayan na nagtaguyod sa kalubhaan ng pagsasagawa nito.

ARTIKULO 7 (1) (H)

KRIMEN LABAN SA SANGKATAUHAN NA PAG-UUSIG

MGA ELEMENTO:

1. Ang salarin ay lubhang binawian, kontra sa batas internasyunal, ng batayang karapatan ang isa o higit pang mga tao.
2. Ang salarin ay sadyang umatake sa isa o higit pang mga tao ayon sa pagkakakilanlan ng isang grupo o kolektibo o sadyang umatake sa mismong grupo o kolektibo.
3. Ang ganitong sadyang pag-atake ay batay sa pulitikal, panlahi, pambansa, kultural, panrelihyon, pangkasarian batay sa kahulugan sa Artikulo 7, tal. 3 ng Kautusan, o iba pang mga batayan na kinikilala sa pangkalahatan na hindi pinahihintulutan sa ilalim ng batas internasyunal.
4. Ang pagsasagawa nito ay ginawa kaugnay ng anuman kilos na tinukoy sa Artikulo 7, tal. 1 ng Kautusan o anumang krimeng sakop ng paglilitis ng Korte.

ARTIKULO 7 (1) (I)

KRIMEN LABAN SA SANGKATAUHAN NA SAPILITANG PAGKAWALA NG MGA TAO

MGA ELEMENTO:

1. Ang salarin:
 - (a) Ay nag-aresto, nagpakulong, o nagdakip sa isa o higit pang mga tao; o
 - (b) Tumangging kilalanin ang pag-aresto, pagpapakulong, o pandarakup, o magbigay ng kaalaman tungkol sa sinapit o kinaroroonan ng tao o mga tao.
2. (a) Ang kasunod o kaakibat ng ganitong pag-aresto, pagpapakulong, o pandarakup ay pagtanggap na kilalanin na ang pagbawi sa kalayaan o magbigay ng kaalaman sa sinapit o kinaroroonan ng tao o mga tao; o (b) Ang ganitong pagtanggap ay kasunod o kaakibat ng natukoy na pagbawi sa kalayaan.
3. Alam ng salarin na: (a) Ang ganitong pag-aresto, pagpapakulong, o pandarakup ay, sa karaniwang daloy ng mga pangyayari, may kasunod na pagtanggap na kilalanin ang pagbawi sa kalayaan, o magbigay ng kaalaman tungkol sa sinapit o kinaroroonan ng tao o mga tao; o (b) Ang ganitong pagtanggap ay kasunod o kaakibat ng natukoy na pagbawi sa kalayaan.

-
4. Ang ganitong pag-aresto, pagpapakulong, o pandarakip ay isinagawa ng, o may pagpayag, suporta, o pagsasawalang-bahala ng, Estado o organisasyong pulitikal.
 5. Ang ganitong pagtanggì na kilalanin na ang pagbawi sa kalayaan o magbigay ng kaalaman sa sinapit o kinaroroonan ng tao o mga tao, ay isinagawa ng, o may pagpayag o suporta ng, Estado o organisasyong pulitikal.
 6. Ang salarin ay nilayon na tanggalin ang tao o mga tao sa proteksyon ng batas sa pangmatagalang panahon.

ARTIKULO 7(1)(K)

KRIMEN LABAN SA SANGKATAUHAN NA IBA PANG MGA DI MAKATAONG PAGKILOS

MGA ELEMENTO:

1. Ang salarin ay nagpahirap, o nagdulot ng lubhang pinsala sa katawan o kaisipan o pisikal na kalusugan, sa pamamagitan ng di-makataong kilos, sa mga tao.
2. Ang pagsasagawa nito ay katulad sa uri ng mga gawaing tinukoy sa Artikulo 7, tal. 1 ng Kautusan.
3. Ang salarin ay may alam sa totoong kalagayan na nagtaguyod sa kalubhaan ng pagsasagawa nito.

NOTES

- Ang karaniwang mga elemento ng bawat krimen kontra pagkatao ay naglalahad ng konteksto ng isinagawang krimen.
- Ang mga elementong ito ay nagbibigay-linaw sa kinakailangang pakikilahok ng at kaalaman ng isang malawakan o sistematikong atake laban sa populasyong sibilyan.
- Masasabing mayroong elemento ng kaalaman (“alam ng salarin”) kapag mapapatunayang may layuning ipagpatuloy ng salarin ang atake laban sa populasyong sibilyan.
- Ang “**atakeng nakadirekta laban sa populasyong sibilyan**” ay hindi nangangahulugan ng atakeng militar. Masasabing ang “patakarang magsagawa ng ganitong atake” ay nangangailangan na aktibong sinusuporta o hinihikayat ng Estado o organisasyon ang ganitong atake laban sa populasyong sibilyan.
- Ang patakaran na may populasyong sibilyan bilang tagatanggap ng atake ay matutupad ng kilos ng Estado o ng organisasyon. Ang ganitong patakaran ay, sa pambihirang kalagayan, maisasakatuparan ng sadyang pagkabigo na kalabanin ang mga kilos na ito, na maituturing sadyang paghihikayat sa atakeng ito.
- Hindi masasabing mayroong ganitong patakaran dahil lamang walang kilos ng gobyerno o organisasyon.

MGA MEKANISMO NG PANANAGUTAN PARA SA MGA INTERNASYUNAL NA KRIMEN

I. INTRODUKSYON

ACCOUNTABILITY

Kailangan ang “accountability” o pananagutan sa pagkamit ng hustisya. Sa paniniguradong ang mga naging sangkot ay may pananagutan sa mga ginawang krimen, nagiging mabisang paraan ito upang hindi na maulit ang mga krimen. Ito rin ay nagiging paraan para sa matagumpay na pagkakasundo o proseso ng reparasyon at pagpapatatag ng kapayapaan sa naapektuhang lugar.

TATLONG KARAPATAN ANG SAKOP NG “ACCOUNTABILITY” O PANANAGUTAN

- Ang karapatan sa katotohanan
- Ang karapatan sa hustisya, at
- Ang karapatan sa epektibong lunas at reparasyon

II. MGA MEKANISMO PARA SA INTERNASYUNAL NA HUSTISYA

MGA MEKANISMO NG PANANAGUTAN PARA SA MGA INTERNASYUNAL NA KRIMEN

A. THE INTERNATIONAL CRIMINAL COURT

- Ang **Preambulo ng Rome Statute** ay nagsasaad na ang mga Estado ay nararapat na pagtibayan na ang mga pinakamalubhang krimen na nakaka-apekto sa internasyunal na komunidad bilang kabuuan ay hindi dapat maiwang hindi naparurusahan, at dapat na matiyak ang epektibong pag-uusig sa pamamagitan ng paggawa ng mga hakbang sa loob ng bansa, at ang pagpapahusay ng pakikipagtulungan ng iba't ibang bansa. Nabanggit rin dito na ang mga Estado ay nararapat na maging disidido sa pagpuksa ng impunity o pagpapalaya sa mga salarin nang walang kaparusahan upang maiwasan ang pangyayari ng mga nabanggit na krimen
- Ang **International Criminal Court** ay isang permanenteng institusyon na mayroong kapangyarihan na gamitin ang awtoridad nito sa mga taong gumawa ng mga pinakamalubhang krimen na nakaka-apekto sa internasyunal na komunidad at nararapat na mapunan ang pambansang hurisdiksyon ng mga krimen[1]

- MGA KRIMEN NA NASA HURISDIKSYON NG KORTE:

- i. Ang krimen ng *genocide*
- ii. Mga krimen laban sa sangkatauhan
- iii. Mga krimeng pandigma
- iv. Ang krimen ng pananalakay

[1] ARTICLE I, ROME STATUTE

II. MGA MEKANISMO PARA SA INTERNASYUNAL NA HUSTISYA

A. ANG INTERNATIONAL CRIMINAL COURT

- INDIVIDUAL CRIMINAL RESPONSIBILITY

i. Ayon sa Rome Statute, maaaring managot sa isang krimen ang isang tao at maparusahan kung ito ay:

1. Gumawa ng isang krimen, nang mag-isa man o mayroong mga kasama, o sa pamamagitan ng ibang tao, hindi alintana kung may pananagutang kriminal ang ibang mga sangkot;
2. Nag-utos, nang-hingi, o nag-udyok ng paggawa ng krimen na nangyari o tinangkang gawin;
3. Para sa layunin ng paggawa ng krimen, tumulong o nakisama sa paggawa o pagtangkang gawin ng krimen, kasama na ang pagbibigay ng anumang paraan o kagamitan sa paggawa nito;
4. Pag-aambag sa anumang paraan ng paggawa o pangtangkang gawin ng krimen sa isang grupo o samahan na kumikilos nang may iisang layunin. Ang pag-aambag na ito maituturing na sinasadya, at maaaring:
 - a. Ginawa nang may layunin na mas maisulong ang krimen o ang layuning kriminal ng grupo, kung saan ang pagkilos o layunin ay mayroong sangkot na krimen na nasa hurisdiksyon ng Korte, o
 - b. Ginawa nang may kaalaman sa layunin ng grupo na gumawa ng krimen.

- PAGHAHATOL AT PARUSA

- Ang ICC ay maaaring magpataw ng mga sumusunod na kaparusahan sa isang taong nahatulan sa ilalim ng Rome Statute:
 - Pagkakakulong sa loob ng tinukoy na dami ng taon, na hindi maaaring lumampas ng 30 taon, o
 - Pagkakakulong habambuhay kung ito ay kumakatwiran sa pagiging lubos na malubha ng krimen at ng indibidwal na kalagayan ng nahatulan.

II. MGA MEKANISMO PARA SA INTERNASYUNAL NA HUSTISYA

A. ANG INTERNATIONAL CRIMINAL COURT

- Maaari ring magpataw ng multa at ng pagsasauli ng mga nalikom at mga ari-arian na nakuha, direkta man o hindi, mula sa krimen.
- Ang kaparusahang ipinataw ng ICC may marapat na hindi makaapekto sa mga kaparusahang maaaring ipataw base sa pambasang batas.

• ANG PRINSIPYO NG COMPLEMENTARITY

- Ang ICC ay kapupunan sa pambasang hurisdiksyon na kriminal. Ang ibig sabihin nito ay ang mga Estado ang may pangunahing kakayahan at kapangyarihan na mag-imbetiga at mag-usig ng mga internasyunal na krimen.
- Ayon sa prinsipyo ng *complementarity*, maaari lamang magkaroon ng hurisdiksyon ang ICC kung nabigo ang pambasang sistemang legal na isagawa ito, kung ipinakitang hindi ninanais o hindi kakayaning gawin ang tunay na paglilitis.

• ANG KASALUKUYANG SITWASYON NG PILIPINAS SA ICC

- **24 Mayo 2021** - Ang prosecutor o piskal ng ICC ay nanghingi ng pahintulot mula sa Pre-Trial Chamber I (PTC I) na magsagawa ng imbestigasyon ng mga krimen na diumanong naganap sa Pilipinas sa pagitan ng 1 Nobyembre 2011 at 16 Marso 2019.
- **15 Setyembre 2021** - Nagbigay ng pahintulot ang PTC I upang isagawa ang imbestigasyon habang isinasaalang-alang ang mga kumakatawan sa mga biktima (mahigit-kumulang 1,530 na mga biktima at 1,050 na pamilya) na sumuporta sa imbestigasyon.
- **18 Nobyembre 2021** - Nakiusap ang gobyerno ng Pilipinas na ipagpaliban ang imbestigasyon.
- **24 Hunyo 2022** - Nakiusap ang piskal na ipagpatuloy ang imbestigasyon. Pinahintulutan ito ng PTC sa 26 Enero 2023, habang isinasaalang-alang ang mga kumakatawan sa mga biktima (293 na biktima at 366 na pamilya) na sumuporta sa pakiusap ng piskal na ipagpatuloy ang imbestigasyon.
- **6 Pebrero 2023** - Umapela ang gobyerno ng Pilipinas sa desisyon na ipagpatuloy ang imbestigasyon. Ibinasura ng Appeals Chamber ng ICC ang apela, at kinumpirma ang pagpapatuloy ng imbestigasyon noong 18 Hulyo 2023, habang isinasaalang-alang ang mga pananaw at mga pag-aalala ng 350 na biktima at 165 na pamilya na sumusuporta sa imbestigasyon.

II. MGA MEKANISMO PARA SA INTERNASYUNAL NA HUSTISYA

A. ANG INTERNATIONAL CRIMINAL COURT

- ANG MGA SUNOD NA MAGAGANAP SA PAGLILITIS NG ICC

- **Sa oras na mapatunayan gamit ang ebidensya na mayroong makatwirang batayan upang paniwalaan na ang nasasakdal ang responsable sa malupit na krimen, ang piskal ay makikiusap sa PTC upang maglabas ng summons (o pagpapatawag) o ng *warrant of arrest*.**
 - **Summons o pagpapatawag** - Inilalabas kung naniniwala ang PTC na magpapakita sa paglilitis ang nasasakdal, at maaaring maglaman ng mga kundisyon upang masiguro ang pagpapakita ng nasasakdal.
 - **Arrest warrant** - Inilalabas kung naniniwala ang PTC na kinakailangan ang pag-aresto sa nasasakdal upang masiguro ang pagpapakita nito sa paglilitis. Maaari rin itong ilabas kung naniniwala ang mga hukom na kinakailangan ito upang siguruhin na hindi magkakaroon ng sagabal na mula sa nasasakdal sa imbestigasyon, o upang siguruhin na hindi mapatuloy ng nasasakdal ang mga krimen na pinaghihinalaang ginawa niya.
- **Kumpirmasyon o pagbabasura ng mga sakdal**
 - Pagkatapos ng paglilitis, maaaring ikumpirma ng PTC ang mga sakdal at ipadala ang kaso sa *Trial Chambers (TC)*
 - Maaaring ibasura ng PTC ang mga sakdal. Maaari ring magbigay ng karagdagang ebidensya ang piskal ng ICC upang makumbinsi ang PTC na ikumpirma ang naunang sakdal o simulan ulit ang proseso nang may ibang sakdal.
 - Maaaring pansamantalang pahintuin ng PTC ang paglilitis upang manghingi pa ng karagdagang ebidensya o upang palitan ang mga sakdal base sa iniharap na ebidensya.
- **Paglilitis at pag-aapela**
- **Paghahatol at mga reparasyon**
 - Kung hinatulan ng TC ang nasasakdal, maaari rin nitong iutos ang pagbibigay ng reparasyon sa mga biktima para sa mga pinsalang dinanas nito.
 - Maaaring klase ng mga reparasyon, tulad ng rehabilitasyon, pagbabayad, at pagpapanumbalik.
 - Maaaring iatas ng TC sa nasasakdal na magbayad, o maaaring manggaling ito sa *ICC Trust Fund for Victims*.

II. MGA MEKANISMO PARA SA INTERNASYUNAL NA HUSTISYA

A. THE INTERNATIONAL CRIMINAL COURT

- SAKLAW NG IMBESTIGASYON

- Mga krimen na nasa hurisdiksyon ng Korte na diumano'y naganap sa loob ng teritoryo ng Pilipinas sa pagitan ng 1 Nobyembre 2011 at 16 Marso 2019 sa konteksto ng tinatawag na kampanyang “war on drugs”.

A. IBA PANG MGA MGA MEKANISMO

1. Universal jurisdiction doctrine o doktrina ng pandaigdigang hurisdiksyon

- a) International crimes such as crimes against humanity, war crimes, genocide, and torture may be prosecuted and tried by any nation regardless of where the crime was committed and nationality of the perpetrator or victim.
- b) This doctrine posits that the crimes are so heinous or egregious that the perpetrator is considered as hostes humani generis(enemies of all humankind).

2. Paggamit ng Global Magnitsky Act

- a) Ang Global Magnitsky Act ay nagpapahintulot sa mga dayuhang bansa na magpataw ng mga kaparusahan sa mga salarin sa paglabag ng karapatang pantao sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga pagbabawal sa paglalakbay at iba pang mga kaparusahang pinansyal.

III. ANG PILIPINAS

MGA MEKANISMO NG PANANAGUTAN PARA SA MGA INTERNASYUNAL NA KRIMEN

A. ANG KASALUKUYANG SITWASYON

- a.) Naging State Party ang Pilipinas sa Rome Statute noong 1 Nobyembre 2011, at isinumite ang isinulat na abiso sa pag-alis noong 17 Marso 2018. Nagkabisa ang pag-alis na ito pagkatapos ng isang taon.
- b.) Naaayon sa nalalabing tungkulin ng gobyerno ng Pilipinas sa Rome Statute, sa kabila ng pag-alis nito, mayroon pa ring hurisdiksyon ang ICC na imbestigahan ang mga diumanong krimen na nangyari sa bansa mula 2011 hanggang 2019.

B. MGA PAMBANSANG MEKANISMO

- a.) **Republic Act (R.A.) 9851** - Philippine Act on Crimes Against International Humanitarian Law, Genocide, and Other Crimes Against Humanity
- b.) Anong mga krimen ang pinaparusahan: mga krimeng pandigma, genocide, at iba pang mga krimen laban sa sangkatauhan?
 - i. Ang “iba pang mga krimen laban sa sangkatauhan” ay tumutukoy sa mga sumusunod na pagkilos kapag ito ay ginawa bilang parte ng isang malawakan o sistematikong pag-atake laban sa anumang populasyong sibilyan, nang may nalalaman tungkol sa pag-atake:

III. ANG PILIPINAS

A. ANG INTERNATIONAL CRIMINAL COURT

1. Kusang pagpatay;
2. Pagpupuksa;
3. Pang-aalipin;
4. Hindi makatwirang pagpapatapon o pilit na pagpapalipat ng populasyon;
5. Pagkukulong o iba pang labis na pagkakait ng pisikal na kalayaan na lumalabag sa mga batayang tuntunin ng internasyunal na batas
6. Tortiyur;
7. Panggagahasa, sekswal na pang-aalipin, sapilitang prostitusyon, sapilitang pagbubuntis, sapilitang pambabaog, o anumang maitutulad na sekswal na karahasang malubha;
8. Pag-uusig laban sa anumang makikilalang grupo o samahang politikal, ayon sa lahi, nasyunalidad, etniko, kultura, relihiyon, kasarian, sekswal na oryentasyon, o iba pang mga batayan na kinikilala ng lahat na hindi pinahihintulutan ng internasyunal na batas, nang may kaugnayan sa anumang pagkilos na nabanggit sa o anumang krimen na tinukoy sa batas na ito;
9. Paghihiwalay at pagtatangi ayon sa lahi (apartheid);
10. Apartheid; and
11. Iba pang mga di makataong pagkilos na tulad ng mga nabanggit na sadyang naglalayong magdulot ng malubhang pagdurusa, o malubhang pinsala sa katawan, o sa kalusugan ng pag-iisip o katawan.

C. ANO ANG MGA KAPARUSAHAN:

- i.** Mga krimeng pandigma, genocide, at iba pang mga krimen laban sa sangkatauhan - pagkakakulong nang 14 na taon, 8 buwan at 1 araw hanggang 20 taon (reclusion temporal medium to max period) AT multa na mula P100,000 hanggang P500,000
- ii.** Kung nagdulot ng pagkamatay, malubhang pisikal na pinsala o mayroong panggagahasa at sa pagsasaalang-alang ng kalagayan ng nasasakdal - pagkakakulong sa loob ng 30 taon AT multa na mula P500,000 hanggang P1,000,000
 1. Dagdag pa rito, iaatas ng Korte ang pagsasauli ng mga nalikom at mga ari-arian na nakuha, direkta man o hindi, mula sa krimen at ang mga naaayong karagdagang parusa ayon sa *Revised Penal Code* kung saan ang nasasakdal ay pampublikong opisyal.

D. SINO ANG MAAARING MAPARUSAHAN: MGA INDIBIDWAL AT NAKATATAAS

i. Mananagot ang mga indibidwal kung sila ay:

1. Nagsagawa ng krimen.
2. Nag-utos, nang-hingi, o nag-udyok ng paggawa ng krimen na nangyari o tinangkang gawin.
3. Tumulong o nakisama sa paggawa o pagtangkang gawin ng krimen, kasama na ang pagbibigay ng anumang paraan o kagamitan sa paggawa nito.

ii. Mananagot ang mga nakatataas sa mga krimen na ginawa ng mga nakabababa sa kanya na nasa kanilang mabisang pag-uutos at pamamahala, o mabisang kapangyarihan at kontrol, sapagkat ang maaaring nangyari ay bunga ng kanyang pagkabigo sa pamamahala sa mga nakabababa sa kanya, kung saan:

1. Alam ng nakatataas o dapat alam ng nakatataas na ang mga nakabababa sa kanya ay nagsasagawa o nagbabalak na magsagawa ng krimen.
2. Nabigo ang nakatataas na gumawa ng lahat ng kinakailangan at makatwirang mga hakbang sa abot ng kanyang makakaya upang mapigilan o masupil ang pagsasagawa ng krimen, o ang pagsumite ng mga usaping ito sa mga awtoridad na may kakayahan upang magkaroon ng imbestigasyon at pag-uusig.



IKATLONG PAKSA

“HUWAG MAMINSALA” SA PAGDODOKUMENTA NG HRVS

PRINSIPYO

- Ang kapakanan ng mga taong tinutulungan ang dapat pokus ng lahat ng pagsisikap natin na tulungan sila.
- Dapat isagawa ang dokumentasyon sa higit na ikabubuti ng mga taong nagbibigay ng impormasyon, mga tagapamagitan, mga lokal na komunidad, at iba pang mga taong kasama sa proseso ng dokumentasyon.
- Prioridad dapat sa proseso ng dokumentasyon ang seguridad, pisikal at sikolohikal na kaginhawaan, at privacy ng taong dokumentado.

PAGSASAGAWA

PAGHAHANDA

- Isaalang-alang ang mga banta at panganib bago ang pagsasagawa ng dokumentasyon.
- **Mga banta:** tukuyin ang mga tagaganap ng banta (threat actors) at ang kakayahan nilang manghamak ng mga kalahok sa proseso ng dokumentasyon at ang mga gawain mismo
 - *Halimbawa: kapulisan, opisyal ng lokal na pamahalaan, ibang myembro ng komunidad.*
- **Mga panganib:** Isaalang-alang, kabilang sa iba pang mga aspeto, paghihiganti, pananakot, pagbabanta, pagpaparusa, pamumuwersa, panunuhol, mga pagtatangkang bigyan ng pinansyal na pakinabang, muling pagpapalitaw ng mga *trauma (re-traumatization)*, maaaring pagpapalayas sa pamilya/komunidad, seguridad sa trabaho, panganib sa pinansya, at pagkawala ng hanap-buhay.
- Dapat gabayan ng mga natukoy na mga banta at panganib ang bawat mapagdesisyunan sa lohistika ng dokumentasyon (hal. Paghanap ng mga lugar na pag-iinterbyuhan, bilang ng mga mai-interbyu, oras ng dokumentasyon, atbp.).

MAY-KAALAMANG PAHINTULOT

- Buong paliwanag tungkol sa uri at layunin ng gawain, pamamaraan na masusunod, maaaring paggamitan ng impormasyon, at maaasahang kinahihinatnatan ng pamamahagi ng impormasyon tulad ng panganib sa seguridad.
- Dapat maibigay ng kausap ang kanyang may-kaalamang pahintulot na ibahagi ang impormasyong nakuha sa mga mapagkakatiwalaang pambansa o internasyunal na awtoridad sa pag-iimbestiga, tulad ng *Office of the Prosecutor* ng ICC.
- **Maaaring bawiin ang pahintulot (consent) anumang oras** – patuloy dapat ang panunumbalik ng pahintulot na makipagtulungan
- **Dapat kusang-loob ang pagbigay-pahintulot** – dapat isaalang-alang ang kultura, kasarian, ugnayan batay sa edad, pamimilit ng komunidad o pamilya.
- **Dapat maliwanag ang pagbigay ng pahintulot** – dapat nakasulat at klaro ang pagtukoy sa taong nagbibigay ng pahintulot, at ang mga sumusunod: impormasyong naibigay patungkol sa uri at layunin ng gawaing pangdokumento, patungkol sa kaakibat na panganib sa seguridad at ang nilalayong paggamit ng impormasyon; anumang mapagkasunduan tungkol sa pagiging confidential nito; maliwanag na pahayag mula sa tao na ang ibinigay nang kusang-loob ang kanyang pahintulot; at iba pang mga impormasyong may kabuluhan sa kusang-loob na pahintulot.

DOKUMENTASYON / PAGTATALA NG SALAYSAY NG KAUSAP

- **Kunin ang mga detalyeng personal**
 - Pangalan, petsa ng kapanganakan, nasyunalidad, estado sa pag-aasawa, mga wika, antas ng pag-aaral, trabaho, tirahan, mga myembro ng pamilya at detalye ng pagkontak (hal. numero sa telepono, *email*, mga *social media account*).
- **Paglalarawan ng proseso**
 - Ipaliwanag ang mga sumusunod:
 - Malaya ang tao na hindi sumagot sa anumang tanong.
 - Maaaring sagot ng tao na hindi nila alam o naaalala ang sagot/detalye.
 - Maaaring ipatigil ng tao ang interbyu sa anumang oras.
 - Maaaring paggamitan ng impormasyon, katulad ng pagbahagi nito sa mga mekanismong pagpapanagot at maaaring paglilitis.
- **Pagtatala ng salaysay**
 - Simulan ang pagtatanong sa malayang naratibo; hayaan ang kausap na balikan ang may-kabuluhang mga pangyayari.
 - Hal.: “Kami ay nagdodokumento ng mga pagpatay dulot ng mga operasyon ng pulis na nangyari sa Quezon City noong 2016. Maaaring ikwento ang inyong alam tungkol sa mga nangyari.”
 - Iwasan ang pagpapahinto; gawin lamang ito kapag kailangang muling bigyan ng direksyon ang kausap.

URI NG MGA TANONG AT HERARKIYA NITO

1. **Bukas na katanungan (*open ended questions*)** - magkaroon ng sagot na maituturing na di-gaanong inimpluwensyahan ng mga bias ng taong nagtatanong
 - Hal. “Ikwento ang kasunod na mga pangyayari”; “Maaari mo bang ilahad”
2. **Mapagsiyasat (*probing*) o naka-pokus na katanungan aka. 5-WH na tanong (*who-sino, what-ano, when-kailan, where-saan, why- bakit*)** - na-kontrol ang pagsasalaysay at maaaring gamitin upang makakuha ng karagdagang impormasyon na hindi pa naibibigay.
 - Maaaring gamitin upang magsiyasat o magpaliwanag; bumalik sa mga bukas na katanungan sa agarang pagkakataon.
 - Hal. “Nabanggit ninyo na nasa labas kayo, saan kayo noong panahong iyon?”; “Nabanggit ninyo na may tumawag sa inyo, sino ang taong iyon?”; “Nabanggit ninyo na kinausap kayo ng pulis, ano ang sinabi nila?”; “Nabanggit ninyo na binaril ang inyong kapit-bahay, paano mo nalaman ito?”

3. Sarado at pilit-na-pagpipilian (*forced choice*) o option-posing na tanong - maaaring itanong kapag hindi na kayang magbigay ng sapat na impormasyon ang mga bukas o mapagsiyasat na katanungan

- Palaging bumalik sa bukas na katanungan sa agarang pagkakataon
 - *Hal. "Nabanggit ninyo ang simbahan, pumasok ba kayo sa simbahan?"*

DI-ANGKOP NA KATANUNGAN:

- **Sunod-sunod na katanungan** - iwasan dahil nakakalito
- Mapagpangunahang mga katanungan (leading questions) - di-kailanman pwedeng itanong dahil pinapangunahang may tiyak na sagot na higit na iimpluwensyahan ang sagot ng kausap sa pamamagitan ng pambabaluktot sa alaala
 - *Hal. "Pistol o shotgun ba ang hawak ng salarin?"; "Narinig mo ba na ang kumander ang nag-utos ng atake?"; "May suot bang uniform ng police ang mga lalaki?"*
- Gumamit ng di-mapagpangunahang tanong, tulad ng "May hawak ba ang tao?"; "Narinig niyo bang nagsasalita ang kumander?"; "Ano ang suot ng mga lalaki?"

PROSESO NG PAGESARA NG PAGTATANONG

- Gumamit ng "**grounding techniques**"
 - *Hal. Ituon ang atensyon ng kausap sa kasalukuyan (hal. Tukuyin ang kasalukuyang lugar, araw at oras, ilarawan ang kwarto).*
 - Imungkahi sa kausap na maggunita ng ligtas na lugar o sandaling nakakapanghinahon, habang humihinga ng mabagal at malalim.
- Ibalik sa kausap ang iyong pagbubuod ng kanilang salaysay, nang maaaring itama ang anumang maling tala o pagkakaintindi sa salaysay.
- Magtanong kung may ibang karagdagang impormasyon o pagpapaliwanag.
- Ipaliwanag ano ang susunod na mangyayari at tugunan ang anumang tanong o pag-aalala.
- Maging makatotohanan sa abot ng iyong makakaya at timpihin ang maaari o hindi maaaring asahan sa iyo.
- Muling ipagpatotoo ang kanilang may-kaalamang pagpapayag at may-pagkukusang pakikilahok sa proseso.
- Pagtibayin ang kahalagahan ng confidentiality at ulitin ang mga mapapatupad na mga hakbang para sa kanilang kaligtasan at pagsuporta sa kanila.

MGA TAONG NASA PANGANIB (VULNERABLE PERSONS [VPS])

- Ang pagkolekta ng impormasyon mula sa mga VP ay dapat lamang gawin kapag kinakailangan talaga ito, at maliwanag na nakakadagdag-halaga ito at hindi ito maaaring kunin sa iba pang mga batis.
 - Ang pagdodokumento ng mga gawain na may kalahok na mga VP ay dapat lamang gawin kapag ito ay higit na ikabubuti nila ito at kapag sila ay may kakayahang intindihin nang buong-buo kung anong nangangahulugan ng kanilang pagpapahintulot na makilahok.
- **Maituturing na VP ang mga, at higit pa sa mga, sumusunod:**
 - Kabataan (mas bata sa 18 taong gulang)
 - Matatanda
 - Mga biktima ng krimeng sekswal o batay sa kasarian, tortyur o iba pang krimeng may karahasan
 - Mga taong may kapansanan o nagpapakita ng senyales ng trauma na sikolohikal
 - Mga indibidwal na nakakulong
- **Pagsusuri ng pagkabulnerable (vulnerability assessment) ay para suriin kung:**
 - Kaya ng taong magbigay ng may-kaalamang pahintulot
 - Ang gawaing pangdokumentasyon ay maaaring ganapin na hindi nakakahamak sa taong kalahok; at
 - Tukuyin ang mga kailangang ibigay na nakasusuporta at nakapoprotektang hakbang.

ANG VULNERABILITY ASSESSMENT AY DAPAT:

- Usisain at suriin ang kabuuang pisikal at mental na kalusugan ng tao at iba pang mga sanhi ng pagkabulnerable (vulnerability factors) (hal. Kontekstong pangsosyo-ekonomiko, pagtatangi, pambubukod panlipunan).
- Isaalang-alang ang mga indicator ng maaaring pagkakalantad sa trauma.
- Suriin ang uri ng balak na gawaing pagdodokumento at kung magiging malubha ang hinihingi o mapanghimasok sa kausap.
- Tukuyin ang mga hakbang na makakapagbawas sa maaaring pinsala (hal. Presensya ng taong sumusuporta o social worker).
- Suriin ang kakayahang magbigay ng suporta at proteksyon upang tugunan ang sikolohikal at pisikal na pangangailangan.
- Isaalang-alang ang lahat na natukoy na at usisain kung kaya ng taong magbigay ng may-kaalamang pahintulot ang makilahok sa dokumentasyon.
- Kung mapagpasiyahan dulot ng vulnerability assessment na makakapanghamak ang pag-interview, hindi dapat isagawa ang dokumentasyon.

TRAUMA

- intindihin, kilalanin, at alamin kung paano tugunan ang trauma dahil higit na mahalaga ito sa dokumentasyon ng HRV.
 - Makakabawas ito ng panganib na lumitaw muli ang trauma at maging mabisa ang gawaing pangdokumentasyon.
 - **Maituturing na senyales ng trauma ang mga susunod na halimbawa:**
 - Stress, pagkabalisa, pagkapangamba, pagkapanlumo
 - Pambubukod sa lipunan o pagsasarili
 - Lubhang reaksyong emosyonal sa isang trigger (emotional reactivity), na maaaring hindi makita sa pisikal na paningin (flat affect)
 - Pagkataranta, kahirapan sa pagbigay-atensyon
 - Lubhang reaksyong pisikal, tulad ng panginginig o mabilis na paghinga
 - Malakas o di-kontroladong reaksyon emosyonal
 - Mga bangungot, flashback at mapanghimasok na kaisipan/alaala
 - Pag-iwas sa pag-iisip, pag-alaala, mga gawain, lugar, tao, o iba pang kalagayang kaugnay ng pangyayaring traumatiko
 - Mapagpumilit na pagkaingat o hypervigilance
 - Lubhang pisikal na pakiramdam o pagkaramdam ng stimuli (hal. Di-inaasahang reaksyon sa mga ingay o amoy)
 - Paghihiwalay ng sarili sa pangyayari (dissociation); mailalahad ang mga personal na pangyayari na parang “ibang tao” (third party) ang nakaranas
 - Walang naipapakita o di-naaayon sa katotohanan ang emosyon (hal. Tumatawa habang naglalahad ng pangyayaring traumatiko)
 - Pagpapakita ng iba’t-ibang pag-uugali

NAAAYON NA HAKBANG PARA SA MGA SENYALES NG TRAUMA ANG MGA SUMUSUNOD:

- Pagbibigay-tiwala (reassurance)
- Maging kalmado at kilalanin ang reaksyon ng kausap bilang normal
- Mag-alok ng sandaling huminto o ipagpatuloy ang gawain sa mas angkop na panahon
- Ipatigil ang interbyu upang makausap ng tao ang isang profesyunal o ang kanilang taong pangsupta; at
- Imungkahing pag-usapan ang ibang mas neutral na paksa.

ANNEX 1: INFORMED CONSENT TEMPLATE

Kinakailangan ang inyong may-kaalamang pahintulot para kolektahin at gamitin ang impormasyong maibibigay ninyo. Sa inyong pagbigay ng may-kaalamang pahintulot, kinikilala ninyo na kayo ay ipinaalam at naiintindihan ninyo ang uri at saklaw ng gawaing pangdokumentasyon na ito, at pumapayag kayo na makilahok rito at ang impormasyong ibibigay ninyo ay maaaring ibahagi sa mga mapagkakatiwalaang mga pambansa at internasyunal na awtoridad pang-imbestiga. Sa inyong paglagda sa dokumentong ito, nagbibigay kayo ng inyong may-kaalamang pahintulot:

Sa pamamagitan nito, kinikilala at pinapatunayan ko na:

- Kusang-loob ang prosesong ito at malaya at walang pamimilit, pambabanta, o pamumuwersa kong ibinibigay ang mga impormasyon, dokumento, o pisikal na bagay sa prosesong ito;
- Ipinaalam sa akin na ang impormasyon, dokumento, o pisikal na bagay na ibinigay ko ay maaaring gamitin sa kriminal na imbestigasyon at/o paglilitis at maibabahagi ito sa mga mapagkakatiwalaang pambansa o internasyunal na awtoridad sa pag-iimbestiga, tulad ng *Office of the Prosecutor* ng ICC
- Ipinaalam sa akin na ang kaalaman, dokumento, o pisikal na bagay na ibinigay ko ay maaaring gamitin sa kriminal na imbestigasyon at/o paglilitis at maibabahagi ito sa mga mapagkakatiwalaang pambansa o internasyunal na awtoridad sa pag-iimbestiga, tulad ng *Office of the Prosecutor* ng ICC
- Alam ko na maaaring ipamahagi sa mga partido ng anumang hinaharap na paglilitis ang aking pagkakakilanlan, pati na rin ang mga impormasyong ibinigay ko.
- Naiintindihan ko ang uri at layunin ng gawaing pangdokumentasyon na ito, ang maaaring paggamitan ng mga impormasyon ibinigay ko, pati na rin ang maaaring panganib kaugnay ng aking pakikilahok sa gawaing ito.

Sa pamamagitan nito, pinapahintulutan ko na:

- [Tukuyin/ilarawan ang gawaing pinahihintulutan ninyo, hal. Magbigay ng salsaysay, dokumentasyon o iba pang bagay, pagpayag na kunan ng litrato o itala ang mga pisikal na pinsala.]
- Ibahagi sa Office of the Prosecutor ng ICC, at magamit nila sa kasunod na imbestigasyon o paglilitis kriminal, ang mga impormasyon, dokumento, o pisikal na bagay na ibinigay ko.
- Ibahagi sa ibang mapagkakatiwalaang pambansa o internasyunal na awtoridad sa pag-iimbestiga ang mga impormasyon, dokumento, o pisikal na bagay na ibinigay ko.
- Anumang limitasyon: _____

Pangalan: _____

Lagda: _____

Petsa: _____

TUNGKULIN NG MGA BIKTIMA SA INTERNATIONAL CRIMINAL COURT (ICC)

SINO ANG MAITUTURING NA BIKTIMA AYON SA ICC?

THE ICC RECOGNIZES TWO TYPES OF VICTIMS, FOR THE PURPOSES OF PARTICIPATION IN ICC PROCEEDINGS:

1. Mga indibidwal na nakaranas ng karahasan dulot ng isa sa mga krimen ng ICC. Maaaring mag-apply ang bawat biktima sa pamamagitan ng pagsagot ng application form para sa pakikilahok ng mga indibidwal.
2. Mga organisasyon o institusyon na nakaranas ng karahasan o pagkasira ng kanilang mga ari-arian para sa anumang gawain (relihiyon, edukasyon, sining, agham, o pagkakawanggawa o makataong gawain, o makasaysayang monumento o ospital) dulot ng isa sa mga krimen ayon sa ICC. Maaaring mag-apply ang mga organisasyon at institusyon kapag sasagutin ang isang hiwalay na form, ang Application form para sa pakikilahok ng mga organisasyon. Tanging mga awtorisadong tao ng mga organisasyon o institusyon ang maaaring sumagot sa application form.

MAITUTURING NA BIKTIMA ANG MGA SUMUSUNOD:

- Mga biktima ng sekswal na karahasan, mga bata, taong may kapansanan, o mga matatanda.
- sinumang nakaranas ng pinsala dahil sa krimeng isinagawa sa ibang tao, tulad ng kapamilya ng isang taong pinaslang..

MAAARING HUMINGI NG APPLICATION FORM SA VICTIMS PARTICIPATION AND REPARATIONS SECTION NG ICC.

ANO ANG MGA KAIBAHAN NG PAKIKILAHOK BILANG BIKTIMA AT BILANG TESTIGONG NAGTETESTIMONYA?

Ang pakikilahok ng mga biktima sa mga paglilitis ay magkaiba sa maaaring maging tungkulin ng biktimang tinawag bilang testigo sa harap ng Court for the Prosecution, ang depensa o ang legal representative ng biktima.

Pangunahing kaibahan ng pagiging kalahok at pagpapakita bilang testigo:

BIKTIMA BILANG KALAHOK:	BIKTIMA BILANG TESTIGO:
<ul style="list-style-type: none"> • Boluntaryo ang pakikilahok at kasama sa pakikipag-usap sa Korte tungkol sa kanilang sariling mga pananaw at pag-aalala. • Nasa biktima ang pagpapasiya kung ano ang nais nitong sabihin • Maaaring makilahok sa lahat ng hakbang ng paglilitis kapag itinuturing na angkop ayon sa mga hukom. • Laging mayroong karapatan na pangatawanan ng isang legal representative sa harap ng ICC. • Nakikilahok sa pamamagitan ng legal na kinatawan, at hindi kinakailangang magpakita nang personal. 	<ul style="list-style-type: none"> • Ipinatawag ng prosecution, ng defense, ng legal representative ng biktima, o ng Chamber o Korte. • Naglilingkod para sa kapakanan ng Korte at ng nagpatawag sa kanila. • Nagbibigay ng ebidensya sa pamamagitan ng pagtestigo at pagsagot sa mga kaugnay na tanong. • Ipinapatawag upang tumestigo sa naturang oras. • Karaniwan ay walang legal representative. • Karaniwan ay tumetestigo nang personal sa loob ng Korte • Maaari ring makilahok bilang witness o saksi ang mga biktima sa mga paglilitis ng ICC kasama ng kanilang katayuan bilang kalahok na biktima. Sa mga pagkakataong ito, mayroon silang dobleng katayuan bilang biktima at saksi.

PAANO AT KAILAN NAKIKILAHOK ANG MGA BIKTIMA SA MGA PAGLILITIS NG ICC?

Ang mga sumusunod ay mga halimbawa kung kailan at paano makipag-ugnayan ang mga biktima sa Korte sa ngalan ng iba pang mga biktima, kung pahihintulutan ng mga hukom:

Maaaring magsumite ang mga biktima ng kanilang mga pananaw sa Korte sa ilang pagkakataon bago ang pagbubukas ng isang kaso laban sa isa o higit pa na mga nasasakdal:

1. Kung nais ng piskal na magbukas ng imbestigasyon sa isang sitwasyon sa kanyang sariling pagkukusa:
 - *Magbigay ng mga obserbasyon sa mga hukom habang ang Chamber ay nagpapasiya pa kung pahihintulutan ang piskal na magpatuloy sa imbestigasyon;*
2. Kung ang hurisdiksyon ng ICC o ang pagkakatanggap ng kaso ay hinahamon sa harap ng ICC:
 - *Magbigay ng mga obserbasyon sa PTC.*

Ang mga pakikipag-ugnayan ng mga biktima sa pagkakataong ito ay dumadaan sa VPRS at sa abogado, kung ang mga biktima ay may abogado.

3. Kung mayroon ng kaso sa Chamber, maaaring makilahok ang mga biktima sa pamamagitan ng kanilang legal representative sa mga sumusunod na paraan:
 - *Magbigay ng mga obserbasyon sa mga hukom habang ang PTC ay nagpapasiya kung anong sakdal ang ipapataw sa nasasakdal sa mga susunod na paglilitis ng Chamber*
 - *Magbigay ng mga panimula at pangwakas na pahayag sa hakbang ng paglilitis sa harap ng Chamber;*
 - *Magbigay ng mga tanong sa mga saksi o mga expert na nagbibigay ng ebidensya sa Korte, o sa nasasakdal;*
 - *Magbigay ng sulat tungkol sa mga suliranin kung saan ang mga personal na interes ng biktima ay apektado;*
 - *Maglahad ng mga saksi sa paglilitis na magbibigay ng ebidensya sa mga paksang nakakaapekto sa mga personal na interes ng biktima.*

ANO ANG MGA KARAPATAN NG MGA BIKTIMA SA MGA PAGLILITIS NG ICC BILANG MGA KALAHOK?

- Maaaring maglahad ng mga pananaw o pag-aalala sa Korte ang mga biktima, sa mga hakbang ng paglilitis na pinapayagan ng mga hukom, kung saan ang kanilang mga personal na interes ay apektado.
- Sa oras na matanggap ng mga hukom ang isang biktima na mayroong karapatan na makilahok sa isang hakbang ng paglilitis ng ICC, dapat siguruhin ng Korte na siya ay napapanatiling nabibigyan alam sa mga kinakalabasan ng mga paglilitis.
- Mayroong karapatan ang mga biktima na magkaroon ng legal representative.
- Mayroong karapatan ang mga biktima na makiusap sa Korte na gawin ang lahat ng posibleng hakbang upang pangalagaan ang kanilang kaligtasan, kapakanan, dignidad, at privacy habang nakikilahok sa paglilitis. (Halimbawa: maaaring makiusap ang biktima na ang ilan sa mga impormasyon na ilalahad sa application form ay hindi ipaalam sa piskal, sa depensa, o sa publiko.) Hanggang ngayon, kaugalian ng Korte na ang pagkakakilanlan ng mga biktima ay hindi isinasapubliko.

Ang mga hukom ng ICC ang nagpapasya kung kailan at paano magagamit ng mga biktima ang mga karapatang ito habang sinisigurado na ang pakikilahok ng mga biktima ay hindi lumalabag sa karapatan ng nasasakdal sa patas at walang kinikilingang paglilitis

Maaari ring mag-apply ang isang biktima para sa mga reparasyon. Kung ito ay nais gawin ng biktima, maaaring hingiin ang tamang form mula sa VPRS.

Maaari lamang iatas ng Korte ang mga reparasyon sa pagtatapos ng paglilitis, at para sa mga kaugnay na krimen lamang kung saan ang nasasakdal ay nahatulan. Ibig sabihin, maraming biktima ang maaaring hindi makatanggap ng reparasyon mula sa Korte at ang proseso nito ay maaring tumagal.

ANO ANG MAAARING ASAHAN NG ISANG BIKTIMA MULA SA PAKIKILAHOK SA PAGLILITIS

Sa paglalahad ng kanilang mga pananaw at pag-aalala sa hukom, nabibigyan ng boses ang mga biktima sa paglilitis na malaya sa piskal. Makakatulong ito sa mga hukom na makakuha ng malinaw na larawan ng kung anong nangyari sa mga biktima, at kung ano ang dinanas nila, at maaari itong isaisip ng mga hukom sa ilang mga hakbang ng paglilitis

Ang paglalahad ng mga pananaw at pag-aalala ay hindi lagi nangangahulugang matutupad ang mga nais ng biktima. Sa pagdedesiyon, binabalanse ng mga hukom ng ICC ang iba't ibang mga interes at alalahanin, kasama na ang mga karapatan ng depensa at ang pagkakaroon ng patas na paglilitis.

Ang posibilidad na magkaroon ng legal representatives ang biktima na nakikilahok sa paglilitis at alam kung ang mga nangyayari sa kaso ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga biktima na makilahok nang mas aktibo sa paglilitis. Maaari itong magbigay ng kapangyarihan sa mga biktima na kundi ay tagamasid lamang sa paglilitis kahit na sila ang pinaka-apektado ng krimen.

Ang mga biktima na nakikilahok sa paglilitis ay magkakaroon ng pagkakataong maglahad ng kanilang mga pananaw at pag-aalala sa Korte, ngunit hindi sila makakatanggap ng anumang kapalit o kabayaran para sa pakikilahok na ito.

PANUTO SA PAGSAGOT SA APPLICATION FORM PARA SA PAKIKILAHOK

- Sa pagsagot sa application form na ito, tandaan ang mga sumusunod:
- Dapat sagutin sa hiwa-hiwalay na application form ang bawat taong nag-aaply na makilahok sa paglilitis ng ICC o humihingi ng reparasyon.
- Sagutin nang buo ang application form para sa pakikilahok at/o reparasyon hanggang sa makakaya. Kung may mga tanong na hindi sinagot, o hindi buo ang sagot, maaaring balikan ng Korte ang aplikante para sa karagdagang impormasyon, na magpapabagal sa proseso.
- Kung kailangan ng dagdag espasyo, mangyaring ituloy ang pagsagot sa hiwalay na papel, lagyan ng pangalan o inisyal ng aplikante sa bawat pahina, at ilakip ito sa application form.
- Mangyaring i-type o isulat nang higit na mababasa ito, na maiintindihan ng korte nang buo ang lahat ng nakalagay sa aplikasyon. Kung susulatan ang application form, mangyaring gumamit ng bolpen para rito.
- Dapat lagdaan ang aplikasyon ng biktima at kung mayroon man, ang kinatawan ng biktima. Kung hindi marunong magsulat ang biktima o ang nagsusumite ng aplikasyon para sa biktima, maaari maglagay ng personal na marka sa ibang pamamaraan. Kung mayroong inksipad, maaari tatakan ng gamit ang hinlalaki sa kahon.
- Mangyaring tingnan ang nakakahon na Paalala sa dulo ng form, dahil pinapaalala nito na isama ang lahat ng kinakailangang dokumento upang maituring na kumpleto ang aplikasyon.
- Kung online na application form ang ginamit ng biktima, tandaan na hindi ito maisusumite hangga't lahat ng impormasyon ay naisagot na. Kasama rito ang pagpapasa ng kopya ng isang dokumentong pangkakilanlan, pati na rin isang kopya ng dokumentong may lagda ng biktima.

IKA-LIMANG PAKSA: WORKSHOP

PANUTO SA PAGSAGOT SA APPLICATION FORM PARA SA PAKIKILAHOK

THIS FORM SHOULD BE COMPLETED WITH THE ASSISTANCE OF INDIVIDUALS WHO HAVE BEEN TRAINED BY THE COURT



Cour
Pénale
Internationale
International
Criminal
Court

Application form for individuals

Surname of victim _____ First *and/or* other names of victim _____

Any names by which the victim is commonly known can be given here

Date of birth or age _____ Gender _____ Victim application number ___/___/___

In case the applicant does not know their date of birth, approximate age can be given

If previously applied, please give the application number

Nationality _____ Ethnic group _____

1. What process is the victim applying for?

Please tick both boxes if you want to participate in the proceedings as well as reparations in case of a conviction

PARTICIPATION

REPARATIONS (*in case of a conviction*)

2. What happened to the victim? Describe the events in as much detail as possible

This includes any crime that may have been committed against family members of the victim and as a result of which the victim suffered harm. If you do not have enough space to fully describe what happened to you, you may use a separate piece of paper on which you shall append your name and signature

3. When did these event(s) occur? _____

4. Where did these event(s) occur? _____

5. Who does the victim believe is responsible for these event(s)? _____

6. What type of personal harm has the victim suffered? _____

Please provide a detailed description of the harm as well as the impact on the individual, family and community level. If a box is ticked, the corresponding harm should be detailed in the description. You may tick more than one box. If you do not have enough space to fully describe the harm, you may use a separate piece of paper on which you shall append your name and signature

TYPES OF HARM	DESCRIPTION
<input type="checkbox"/> PHYSICAL INJURIES <i>Such as (chronic) pain, wounds, scars, amputation, loss or limited use of a limb, body organ or function. Victims may have also contracted infections or diseases as a result of the harm suffered. These may include loss of sight/hearing or sexually transmitted diseases, etc.</i>	_____ _____ _____
<input type="checkbox"/> PSYCHOLOGICAL HARM <i>Such as anguish, anxiety, anger, sadness, fear, low self-esteem vulnerability, shame, isolation, nightmares, aggression or distance from relatives, sleeping or eating disorders, alcohol or drug addiction, complaints or concerns related to experiences of sexual violence, memory loss, lack of concentration, etc.</i>	_____ _____ _____
<input type="checkbox"/> LOSS OF OR DAMAGE TO PROPERTY <i>Such as the loss, damage or destruction of the victims' home(s) or other property including land, business, money, animals, crops, merchandise, household goods, clothing, car, boat, motorbike, etc.</i>	_____ _____ _____
<input type="checkbox"/> OTHER HARM <i>The victim may have experienced other types of harm such as loss of income or other support connected to livelihood, loss of financial provider, lost opportunities (business, economic, educational, familia), etc.), stigmatization, break up of family unit, inability to work, unwanted pregnancy, displacement, gender-specific harm, etc.</i>	_____ _____ _____

THIS FORM AND THE APPLICATION PROCESS ARE FREE OF CHARGE – WE DO NOT CHARGE FOR ANY STAGE OF PROCEEDINGS

A. SA UNANG PAHINA NG FORM

Ang bahaging ito ay para lamang sa biktima, hindi ang taong kumakatawan sa biktima.

Sino ang biktima?

- Tao na nakaranas ng pinsala mismo o direct harm bilang resulta ng krimen na nasa loob ng hurisdiksyon o awtoridad ng ICC (direct victim).
- Tao na nakaranas ng pinsala bilang resulta ng krimen na ginawa sa kanilang kamag-anak, asawa o taong may kaugnayan sa kanila (indirect victim).

Klase ng indirect victims:

- Miyembro ng pamilya ng direct victims.
 - Hindi kailangan na kadugo upang maging “miyembro ng pamilya”; maaring kabilang dito ang mga tao na tumatayo bilang magulang.
- Tao na sinubukan na pigilan ang krimen.
- Tao na nakaranas ng pinsala dahil sa pagtulong o pagpamagitan para sa direct victim.
- Ibang tao na nakaranas ng personal na pinsala bilang resulta ng krimen.
- Halimbawa: kamag-anak ng EJK victim ay dapat sumagot ng sariling application form na nagdedetalye ng mga krimen at mga sariling pinsala dahil sa pagkawala ng kamliya.

Sino ang taong kumakatawan sa biktima?

Mga tao na nagsumite ng application para sa ibang tao kagaya ng:

- Mga biktima na hindi kayang magsumite ng sariling application (menor de edad, taong may kapansanan na nakakaapekto sa kakayahan na magsumite ng sariling application).
- Mga biktima na pinili na ibang tao ang magsumite ng application para sa kanila at nagbigay ng pahintulot sa taong iyon.

Pangalan ng biktima

- Kopya ng ID ay kailangan isumite kasama ng form. Kopya lamang ay ikabit, huwag magkabit ng originals. Kung may impormasyon na iba sa impormasyon nakalagay sa ID (hal. Spelling ng pangalan, petsa ng panganakan), pakiliwanag ang dahilan ng pagkaiba katabi ng sagot o sa ibang papel na klarong tumutukoy sa mali o pagkaiba.

Petsa ng kapanganakan o edad

- Kung hindi alam ang birthdate ng biktima, magbigay lamang ng tantsyang (approximate) araw o edad. Kung hindi posible, magbigay ng anumang impormasyon para malaman ang edad.

IKA-LIMANG PAKSA: WORKSHOP

PANUTO SA PAGSAGOT SA APPLICATION FORM PARA SA PAKIKILAHOK

Kasarian

- Pakilagay ang kasarian o gender na kinikilala ng biktima.

Nasyonalidad

- Pakilagay ang nasyunalidad ng biktima. Kung walang nasyunalidad ang biktima, dapat banggitin dito.

Pangkat etniko

- Kung naaangkop, pakilagay ang pangkat etniko o tribo ng biktima.

Tanong blg. 1: “Anong proseso ang inaaplayan ng biktima?”

- Maaaring pumili ang biktima na makilahok sa paglilitis at/o humingi ng reparasyon sa form na ito. Kung parehong pakikilahok at reparasyon ang inaaplayan ng biktima, i-tsek ang parehong kahon para sa **“Pakikilahok sa paglilitis”** at **“Pakikilahok sa reparasyon”**
 - Hindi pa kailangang isama ang mga karagdagang dokumentong pangsuporta na kaugnay sa pagpapatunay o pagsuporta sa hinihiling na reparasyon (na hindi kaagad na maibibigay at walang dagdag gastos sa biktima kapag natapos na ang pagsasagot ng form).
 - Kung nais lamang ng biktima na makilahok sa paglilitis (upang magbigay ng kanilang pananaw at alalahanin tungkol sa paglilitis ng korte sa pamamagitan ng abogado), i-tsek lamang ang kahon ng *“Pakikilahok sa paglilitis” at iwanang blangko ang Tanong blg. 7*. Kung nais lamang ng biktima na humiling ng reparasyon, i-tsek lamang ang kahon ng *“Pakikilahok sa reparasyon”* ngunit sagutin nang buo pa rin ang lahat ng pahina ng application form.
 - Maaaring humiling ng kabayaran, tulong, pagpapanumbalik ng ari-arian, at/o simboliko o moral na hakbang tulad ng pampublikong paghingi ng tawad bilang mga reparasyon.
- **Tanong blg. 2: “Ano ang nangyari sa biktima?”**
 - **Tanong blg. 3: “Kailan naganap ang mga pangyayaring ito?”**
 - **Tanong blg. 4: “Saan naganap ang mga pangyayaring ito?”**

IKA-LIMANG PAKSA: WORKSHOP

PANUTO SA PAGSAGOT SA APPLICATION FORM PARA SA PAKIKILAHOK

- Mangyaring maging tiyak hanggang makakaya tungkol sa nangyari sa biktima at/o mga kapamilya nito. Mahalagang magbigay ng maliwanag na paglalarawan ng katotohanan at detalye ng personal na impresyon ng biktima. Para sa higit na ikabubuti ito ng biktima ang pagbigay ng klaro at makatotohanang salaysay ng pangyayaring sinapit ng biktima (at/o kanilang kapamilya), hanggang sa makakaya ng alaala niya.
- Kung magkaibang pangyayari sa magkaibang petsa at/o lugar ang naranasan ng biktima, mangyaring magbigay ng klarong paglalarawan tungkol sa bawat may kabuluhang pangyayari at itala kung kailan nangyari ang (mga) ito.
- Kung hindi alam kung kailan naganap ang mga pangyayari, mangyaring magbigay ng pinakamalapit na petsa ng pangyayari (hal. Malapit sa Pasko, malapit sa araw ng eleksyon). Kung makakaya, magbigay ng pangalan ng barangay, munisipyo, o lungsod kung saan nangyari ang mga insidente.

Tanong blg. 5: “Sino ang pinaniniwalaang may kapanagutan para sa (mga) pangyayaring ito?”

- Kung hindi alam ng aplikante kung sino-sino ang (mga) taong may kapangutan para sa (mga) pangyayari, sapat na ang pagbigay ng anumang impormasyong makakapagtukoy kung saan kinabibilangan ang mga indibidwal (hal. Mga suot na uniform ng mga salarin, mga wikang sinasalita ng mga salarin, atbp.)
- Kung hindi alam ng biktima sino ang may kapanagutan sa mga pangyayari, maaari syang sumagot ng “not known” (“hindi alam”)

Tanong blg. 6: “Anong uri ng personal na pinsala ang naranasan ng biktima?”

- Maramihan ang kahon na maaaring markahan, at hindi limitado sa mga ibinigay na halimbawa sa bawat kahon ang mga pinsalang naranasan. Sa bawat na-tsek na kahon, mangyaring maglagay ng karagdagang detalye sa espasyo sa tabi ng bawat namarkahan na kahon.

WORKSHOP

PANUTO SA PAGSAGOT SA APPLICATION FORM PARA SA PAKIKILAHOK

THIS FORM AND THE APPLICATION PROCESS ARE FREE OF CHARGE - WE DO NOT CHARGE FOR ANY STAGE OF PROCEEDINGS

7. In the event of a conviction (and if resources are available), what form of reparations would you like to claim?

Please see the examples listed below for potential guidance. You may indicate multiple examples of reparations. **Reparations can only be awarded in the event of a conviction**

EXAMPLES OF REPARATIONS	DESCRIPTION
<input type="checkbox"/> FINANCIAL COMPENSATION <i>Refers to monetary compensation for damages. This may include compensation for material, physical or psychological harm.</i>	
<input type="checkbox"/> RESTITUTION <i>Refers to awards that seek to restore the victim to the place that they were in before the commission of crime(s). This may include the return to place of residence, the return/reconstruction of specific lost/destroyed property, the reinstatement of previous employment, or the restoration of right (such as education support, etc.)</i>	
<input type="checkbox"/> REHABILITATION <i>Refers to measures such as medical and psychological care for wounds, sickness, disease or any form of psychological harm. Also refers to legal and social services.</i>	
<input type="checkbox"/> OTHER FORM OF REPARATIONS <i>May include any type of award the victim considers most appropriate to address and repair the harm suffered. This may include: income generating activities, establishment of the truth, apologies, judicial and legal reforms, apologies, commemoration ceremonies, monuments, educational opportunities, guarantees of non-repetition (of crimes), peace initiatives, etc.</i>	

DOES THE VICTIM CONSENT TO PROVIDING THE PERSONAL INFORMATION CONTAINED IN THIS APPLICATION FORM TO THE COURT'S TRUST FUND FOR VICTIMS?

YES NO

Reparations may be dispersed through the Court's Trust Fund for Victims (TFV)

To be completed only if a person is acting on behalf of the victim:

- Victim is a child
- Victim is a person with a disability
- Victim is an adult and gives consent for someone to act on their behalf

Relationship to victim _____

Please provide with this application copies of proof of identity of the person acting on behalf of the victim and a copy of proof of their kinship

Consenting victim must sign below or attach a declaration - please see instructions

Details of person acting on behalf of victim:

Surname _____ First name _____ Date of birth/age _____

Signature of person acting on behalf of the victim _____

Date _____

Location _____

IN SUBMITTING THIS APPLICATION THE VICTIM ACKNOWLEDGES WITH THE SIGNATURE THAT THE INFORMATION CONTAINED HEREIN IS ACCURATE TO THE BEST OF THE VICTIM'S KNOWLEDGE AND SHOULD BE CONSIDERED FOR THE TRUTH OF ITS CONTENT

Signature of the victim/person acting on behalf of the victim _____

Date _____

Location _____

B. SA IKALAWANG PAHINA NG FORM

Tanong blg. 7: “Kung sakaling may hatol (at mayroong rekursong maibibigay), anong uring reparasyon ang nais ninyong hilingin?”

TANDAAN ANG TATLONG SUSUNOD NA PUNTO.

1. Maibibigay lamang ang reparasyon kung sakaling may hatol sa wakas ng paglilitis.
 2. Umaabot sa taon ang tagal ng mga may kabuluhang paglilitis panghukuman bago pa man may pinal na kahatulan.
 3. Maaaring limitado at mas konti sa inaasahan ang mapagkukuhanang rekurso para sa reparasyon.
- **Para sa kahon ng kabayaran (compensation)** - kung maituturing ng biktima na katumbas na bayad bilang pinakasapat na maigagawad ng korte. Maaari itong markahan kung ang ari-arianang nawala ay hindi na maaaring palitan at tanging katumbas na bayad ang makakatulong sa pagsasaayos ng pinsala.
 - **Para sa kahon ng pagpapanumbalik (restitution)** - kung maituturing na pagkawala ng ari-arian ang naranasang pinsala ng biktima at ang nawalang ari-arian ay hindi mapapalitan o walang katumbas na bayad, at masasabing ito ay nasa pag-aari ng akusado. Maaari itong i-tsek kung pagbalik sa trabaho o pagbalik ng katarungan (tulad ng suporta sa edukasyon atbp.) ang hiling.
 - **Para sa kahon ng rehabilitasyon** - kung nakakaranas ang biktima ng patuloy na pinsalang mental o lubhang pagkalungkot, at makakabuti sa kanyang makatanggap ng sikolohikal na lunas Maaari rin itong tumukoy sa medikal na lunas para sa sugat, sakit, o anumang pinsalang sikolohikal. Huli, dapat itong i-tsek kung ang biktima ay nawalan ng maaabot niyang serbisyong legal o panlipunan dulot ng naisagawang krimen.
 - Kung wala sa mga pagpipilian ang hinihiling na maigagawad ng korte na maituturing ng biktima na pinakaangkop na reparasyon, maaari nilag i-tsek ang “Other form of reparations” at tukuyin sa espasyong ibinigay ang anumang nais nilang igawad ng korte na maituturing nilang naaangkop sa kanila.
 - **“Nagbibigay ba ng pahintulot ang biktima na magbigay ng personal na impormasyong kasama ng application form na ito sa trust fund ng korte para sa mga biktima?”**
 - Sa pagmamarka ng kahon ng “Oo”, ang impormasyong ibinigay ay maaaring ibahagi sa Trust Fund for Victims ng ICC Ang Trust Fund for Victims ay may pananagutang magtaguyod ng *confidentiality*.

- **Bahaging sasagutan lamang kung may kumakatawan at gumaganap para sa biktima:**
 - **Bata ang biktima:** Bawat taong 18 taong gulang pababa ay maituturing na bata; ang mga mayor de edad (adult) na kamag-anak ng bata ay magbibigay ng aplikasyon para sa kanya.
 - Dapat may kasamang (kopya ng) dokumento bilang patunay ng pagkakamag-anak (kinship) sa application form. (Hal. sertipiko ng kapanganakan, sertipikong kabinyagan, mga talaan sa paaralan). Maaari rin itong deklarasyon mula sa dalawang testigo, na isinumite kasama ng mga kopya ng kanilang dokumentong pagkakakilanlan.
 - **Biktimang may kapansanan:** Kung may kapansanan ang biktima na nakakaapekto sa kakayahan nilang magpakita ng aplikasyon, maaaring may kinatawan o katiwala na magpepresenta ng aplikasyon nya para sa kanya.
 - Dapat may kasamang (kopya ng) dokumento bilang patunay ng pagpapang-alaga (guardianship) sa application form. Maaari rin itong deklarasyon mula sa dalawang testigo, na isinumite kasama ng mga kopya ng kanilang dokumentong pagkakakilanlan.
 - **Biktimang nasa hustong edad:** Maaaring kagustuhan ng biktimang nasa hustong eded na mayroong kinatawan na magpepresenta ng kanyang aplikasyon para sa kanya.
 - Higit na kinakailangan ng liham na nagbibigay-pahintulot (letter of consent) na nilagdaan ng biktima, o kaya paglagda ng biktima sa kahon para sa lagda sa Pahina 2. Sa parehong kaso, kailangan ng lagda ng taong kumakatawan sa biktima sa kahon.
 - Dapat may kalakip na kopya ng dokumentong pagkakakilanlan ng kinatawan, pati na rin patunay ng pagkakamag-anak at/o pagiging tagapag-alaga, sa application form.
 - Lagda: Kung ang biktima ay nasa hustong edad na nagbibigay ng kanyang pahintulot na may kinatawan sya na gaganap para sa kanya, kailangan nilang pareho (ang aplikante at kinatawan) na maglagay ng kanilang lagda sa application form. Mauuna ang lagda ng kinatawan ng biktima at susunod naman ang lagda ng biktima.

IKA-LIMANG PAKSA: WORKSHOP

PANUTO SA PAGSAGOT SA APPLICATION FORM PARA SA PAKIKILAHOK

THIS FORM AND THE APPLICATION PROCESS ARE FREE OF CHARGE - WE DO NOT CHARGE FOR ANY STAGE OF PROCEEDINGS

Personal information

8. If applicable, why does the victim want to participate in the Court proceedings? _____

9. Does the victim have reasons to be concerned about security, including that of his/her family, as a result of interaction with the Court?
 Yes No *If yes, please explain* _____

10. Victim's marital status _____
11. I) Number of children the victim has _____
II) Total number of dependents the victim has _____
12. Specify disabilities the victim has, if any _____
13. Specify language(s) spoken by the victim _____
14. Specify occupation the victim has, if any _____

15. LEGAL REPRESENTATION:

- I) Has the victim chosen a lawyer to represent him or her in the proceedings before the Court? Yes No
If yes, please provide the name and contact details of the lawyer _____

- II) Does the victim have financial resources to pay for a lawyer? Yes No
- III) Does the victim have concerns being represented by a lawyer/legal team that also represents other victims in the proceedings? Yes No *If yes, please explain* _____

- IV) Characteristics and qualities that the victim considers necessary in a lawyer representing them in the proceedings

- V) If the victim is unrepresented:
- a) Does the victim wish to be represented by a lawyer from the Office of Public Counsel for Victims at the Court?
(an independent office of lawyers within the Court, representing victims in proceedings)
 Yes No
- b) Does the victim wish to choose a lawyer from the List of Counsel before the Court?
 Yes No

C. SA IKATLONG PAHINA NG FORM

- **Tanong blg. 8: “Kung naaangkop, bakit may kagustuhang makilahok ang biktima sa paglilitis ng Korte?”**
 - Mangyaring ipaliwanag ang mga dahilan ng pagnanais ng biktimang lumahok sa paglilitis ng ICC.
- **Tanong blg. 9: “May mga dahilan ba ang biktima na pag-abalihin ang kanyang seguridad, pati na rin ng kanyang pamilya, dulot ng kanyang pakikilahok sa Korte?”**
 - Maaaring ipamahagi ng biktima ang kanyang inaalala, hindi lamang tungkol sa kanyang pisikal na seguridad kundi ang kanyang sikolohikal na kaginhawaan, kanyang reputasyon, pagkapribado at/o dignidad niya o ng kanyang pamilya dulot ng kanilang pakikilahok at pakikipag-ugnayan sa ICC.
- **Tanong blg. 10: Estado ng pang-aasawa ng biktima**
 - Mangyaring ilagay kung single, kasal, byuda, o paninirahang magkasama (cohabitation).
- **Tanong blg. 11: Bilang ng mga anak ng biktima; pangkalahatang bilang ng mga dependent ng biktima**
 - Tukuyin ang bilang ng mga anak, asawa, ulila, o iba pang mga kapamilya na nakadepende sa biktima para sa pinansyal o iba pang uri ng suporta.
- **Tanong blg. 12: Tukuyin ang anumang kapansananang mayroon ang biktima**
 - Tukuyin ang anumang kapansanan, hindi lamang dulot ng hinihinalang krimen, na nakakaapekto sa pangkalahatang kalusugan, pagkilos, kakayahan ng kaisipan o kakayahan magdesisyon ng biktima.
- **Tanong blg. 13: Tukuyin ang (mga) wikang sinasalita ng biktima**
- **Tanong blg. 14: Tukuyin ang anumang trabahong mayroon ang biktima**
 - Tukuyin ang trabaho/okupasyon, pormal man o impormal, ng biktima sa panahon ng pagsagot ng form, kung mayroon man.

- **Tanong blg. 15: Ukol sa pangangatawang legal**

- **I.** Malaya ang biktima na pumili ng kanyang kinatawang legal. Mangyaring tukuyin kung may pinili na ang biktima sa panahon ng pagsagot ng form. Kailangang nasa listahan ng counsel ng ICC ang isang abogado upang kumatawan sa mga biktima sa harap ng ICC.
- **II.** Kumpirmahin dito kung may kaya ang biktima na magbayad para sa isang abogadong kakatawan sa kanya sa paglilitis ng ICC.
- **III.** Kapag marami ang kalahok na biktima sa paglilitis, maaaring pagdesisyunan ng ICC na igrupo sila at magtalaga ng isang abogado o pangkat ng mga abogado na kakatawan sa kanila. Mangyaring ilahad kung naniniwala ng aplikante na hindi maaaring maikatawan ng tanging isang abogado o grupo ng abogado ang lahat ng biktima o grupo ng biktima nang kabuuan.
- **IV.** Maaaring ilista ng biktima ang gustong mga kaugalian o katangian ng abogado o pangkat ng abogadong kakatawan sa kanya
- **V. a.** Maaaring piliin ng mga biktima na manggaling sa Office of Public Counsel for Victims(OPCV) ang kinatawang legal nila sa paglilitis ng ICC.
- **V. b.** Maaari ring makatulong ang ICC Registry sa pagpili ng abogado, bilang listahan ng mga abogado na kasalukuyang rehistrado sa List of Counsel at naayon sa katangian at kaugaliang hinahanap ng mga biktima.

IKA-LIMANG PAKSA: WORKSHOP

PANUTO SA PAGSAGOT SA APPLICATION FORM PARA SA PAKIKILAHOK

THIS FORM AND THE APPLICATION PROCESS ARE FREE OF CHARGE - WE DO NOT CHARGE FOR ANY STAGE OF PROCEEDINGS

CONTACT INFORMATION OF THE VICTIM:

Address _____

Phone number(s) or other ways to contact the victim _____

Email _____

Name of interpreter, if any _____

Contact information of the person or organization who assisted in filling in this form *(if applicable)*:

Surname _____ First name _____

Name of the organization *(if applicable)* _____

Phone number(s) and email *(if applicable)* _____

Address _____

The following documents should be attached to this application form, as applicable. Please tick the boxes of all documents included with this application:

- Copy of proof of identity of the victim
- Copy of proof of identity of the person acting on behalf of the victim
- Declaration giving consent for someone to act on behalf of the adult victim
- Copy of proof of kinship
- Copy of medical records or other documentation that prove the personal harm suffered by the victim, including names and contacts of individuals who could corroborate the victim's reparation claims *(if relevant and immediately available at no cost to the victim)*

D. SA IKAAPAT NA PAHINA NG FORM

- **Impormasyon para sa pakikipag-ugnayan sa biktima**
 - Maaari ito ang sariling detalyeng pangkontak ng biktima, o kaya ng isang kapamilya o iba pang indibidwal kung nais ng biktimang makontak sa pamamagitan ng ibang tao. Mangyaring tukuyin kung ang tirahan nakalagay ay hindi tirahan ng biktima.
 - Kung inaasahang lumipat ng tirahan ang biktima, mangyaring ilagay ang tirahan ng isang mapagkakatiwalaang indibidwal na may kakayahang kontakin ang biktima at may kaalaman tungkol sa aplikasyong inihahain niya. Mangyari ring ilagay ang pangalan ng nag-interpret, kung mayroon man
- **Impormasyon para sa pakikipag-ugnayan sa tao o organisasyong tumulong sa pagsagot sa form na ito (kung mayroon man)**
 - Sasagutan lamang ito kung ang biktima o ang gumaganap sa biktima ay tinulungan sa pagsagot ng form.
- **Ukol sa dapat maisamang mga dokumento sa aplikasyon:**
 - Sa pagsumite ng application form, hinihiling ang mga aplikante na magbigay ng **kopya** ng iilang mga dokumento. Kailangan ng patunay ng pagkakakilanlan ang bawat aplikasyon upang maituring na kumpleto ito. **Huwag magpadala ng orihinal na dokumento.**
 - Kung mayroon mang dokumentong hindi hinihingi ngunit pinagpasya ng aplikante na may kabuluhan ito sa aplikasyon, tulad ng forensic, medikal, tala ng pulis o korte, mga litrato, pelikula, atbp., mangyaring isama ang isang photocopy nito sa aplikasyon.
 - Siguraduhing mababasa ang bawat dokumentasyong ibibigay (pati na rin mga litrato sa mga dokumento)
 - Kung mayroon man, dapat rin isama ang mga pangalan at/o kontak ng mga indibidwal na maaaring magpatunay ng mga hinihiling na reparasyon ng biktima, kasama ng kanilang mga detalyeng pangkontak. Tandaan na kailangan ng pahintulot ng mga indibidwal na ilalagay sa pagsama ng kanilang impormasyon sa aplikasyon.